

Paraan Po:  
Ang Oryentasyon ng Kapuwa sa Metodo ng Pananaliksik



Roberto E. Javier, Jr.  
Pamantasang Dela Salle-Maynila

Si **Javier** ay kasalukuyang Full Professor ng Sikolohiya sa De La Salle University at Registered Psychologist. Natapos siya ng PhD sa Clinical Psychology (Magna Cum Laude). Ang kanyang mga aklat na nailathala ng De La Salle Publishing House ay: *Pakikipagkapwa: Pilipinong Lapit sa Pananaliksik* (2012), *From Exceptionality to Exceptional: Inclusion of Differently Abled Persons in the Workplace* (2014) at *Seasons in Parenting: Studies on Parents' Life Stories and Parenting Achievements* (2015). Siya ang may tanga ng mga academic chairs na John Gokongwei Sr. Professorial Chair in Asian Studies (2005-2006), Charles Lui Chi Keung Professorial Chair in China Studies (2006-2007), Fausto Gonzales Y Sioco Professorial Chair in Local Government (2009-2010), Exaltacion C. Ramos Professorial Chair in Tests and Measurements (2014-2015) at PAGCOR Professorial Chair in Human Development (2015-2016).

**Abstrak**

*Tinatalakay sa papel ang mga pamamaraan ng pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino. Hinango sa karaniwang karanasan ang mga metodong hawig sa interbyu at naratibo ang mga pamamaraang pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan. Isinakatutubo ang mga metodong ito upang maibagay at maiangkop sa kalikasan ng mga gumagamit nito kung saan ang wika ng kalahok sa pananaliksik ang siyang ginagamit dito. Ang pakikipagkapwa ang lapit ng pananaliksik na ang kiling ay ang kapakanan ng kapwa, ang mga kalahok. May paki sa mga metodo ng pananaliksik na nakaugat sa kulturang Pilipino. Samantalang nakatuon ang pansin ng mananaliksik sa pag-aayos at pagsisinop ng kaalamang kinakalap mula sa katutubong karanasan, ang isinasaalang-alang sa parati ay ang pakikipagpalagayang-loob kundi man abutin ang pakikiisang-loob sa mga kalahok. Sa gayon lalong napapatibayan ng mas mataas na antas ng pagtutuhang naaabot ng mananaliksik at kalahok ang impormasyon o ideya man na naiipon sa isinasagawang pananaliksik. Siyentipiko ang pamamaraang Sikolohiyang Pilipino sa pananaliksik sa mga larangan ng mga agham panlipunan sapagkat sistematiko ang pagsasagawa nito. Ito ay upang matunghayan ng ibang iskolar namag-aaral saparehong penomeno ang pagkamakatotohanan ng natutuklasan sakaling sadyang ulitin ang pag-aaral sa ibang grupo ng kalahok o sitwasyong kinapapalooban ng mga ito.*

**Mga Susing Salita**

*Sikolohiyang Pilipino, kapuwa, maka-Pilipinong metodo sa pananaliksik, pakikipagkuwentuhan, pagtatanong-tanong*



# HASAAN

## *Panimula*

Masigasig ang mga mananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino (SP) sa paggamit sa mga pamamaraan ng pag-aaral sa sikolohiya, kultura at karanasang katutubo. Ang mga pamamaraang ito ay hango mismo sa buhay natin sa lipunan na ang oryentasyon sa parati ay ang kapuwa. Hindi hiwalay ang mga ito sa ating karaniwang karanasan sa pagtutunguhan. Halimbawa, ang pagtatanong-tanong ay gawi na natin kung may hinahanap na anuman o sinuman. Nakikipagkuwentuhan tayo sa mga malapit sa atin upang makipagpalitan ng mga kuwento ng karanasan. Ang pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan ay ilan sa mga pamamaraang SP na maluwat nang napaunlad ng mga mananaliksik na babad sa ating kultura at karanasan. Ang mga ito ay patuloy na ginagamit sa kasalukuyan. Tatalakayin dito ang dalawang piling pamamaraan sa pananaliksik na nakaugat sa Pilipinong halagahin sa kapwa.

Ang pakikipagkapwa ang Pilipinong dulog sa pananaliksik. Ayon kay Virgilio G. Enriquez nasa sentro ng ating sistema ng halagahin ang kapuwa (Teh at Macapagal 525-534). Sininop niya sa Teorya ng Kapuwa ang halaga ng turing sa tao maging iba man sa atin ito. Ang ibang-tao aniya ay hindi rin talaga iba sa atin dahil hindi maaari na mawala ang kapuwa. Kung wala ang kapuwa wala ang sarili. Animo'y salamin ang kapuwa ng sarili. Samakatuwid hindi mangyayaring may sarili na hindi sinasalamin ang isa pang sarili. Tila ba ang sarili ay sarili dahil may kapuwa ito. Magkatulad ang mga sarili dahil may dangal ang bawat isa nito, kaya pantay ang katayuan ng mga sarili. Sa katuwiran, ang sarili na mayroon tayo ay linang din sa lipunan. Iniluluwal sa mga prosesong sosyal o panlipunan ang sarili na natutuklasan natin na naiiba sa iba pa sa ating paligid subalit kapuwa naman din iyong mga ibang sarili. Ang kapuwa sa gayon ay iba at hindi-iba rin sa akin, sa iyo. Kaya ang ako at ang iba sa akin ay kapuwa ani Virgilio G. Enriquez (Teh at Macapagal 525-534). Sa pagtutunguhan natin sa lipunan ang kapuwa ang pamantayan ng pagtingin sa sarili. Ang ating turingan sa isa't isa ay itinatakda ng pangangatuwirang pakikipagkapuwa. Maging sa pananaliksik, ang pakikipagkapuwa ang siyang lapit sa pagtuklas ng kaalaman o pagdalumat mula sa karanasan (Javier 39-50). May oryentasyong kapuwa ang mga metodong pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan.

## *Ang Ibang-tao at ang Hindi-ibang tao*

Alinsunod sa atas ng kapuwa, itinataguyod ng Sikolohiyang Pilipino ang paggamit ng pamamaraang nakasalig sa pagpapalalim ng kabuluhan ng

pagtutunguhan. Itinataguyod nito na matamo sa proseso ng pananaliksik ang pagturing sa kapuwa na hindi-ibang tao. Ayon sa antasan ng pagtutunguhan, ang pagtuturingan natin ay maaaring sa simula'y ibang-tao subalit sinisikap na marating ang antas na ang pagturing sa kapuwa ay hindi na nga ibang tao. May dalawang hati ang pagtutunguhan natin ang ibang-tao at ang hindi-ibang tao. Sa ibang-tao may natukoy nang tatlong antas at lima naman ang sa hindi-ibang tao. Sa nabuong iskala ng pagtutunguhan nina Carmen Enrile Santiago at Virgilio Gaspar Enriquez (Teh at Macapagal 535-542) may walong antas: lima sa unang hati ng antasang ibang-tao - pakikitungo, pakikisalamuha, pakikilahok, pakikibagay, pakikisama at, tatlo sa ikalawang hati na hindi ibang-tao - pakikipagpalagayang-loob, pakikisangkot, pakikiisa (tignan ang Talaan 1). Madaling natatawid mula sa antasan na pang ibang-tao iyong una sa tatlong natukoy nang antas ng hindi-ibang tao, ang pakikipagpalagayang-loob samantala ang dalawang nalalabi ay natatamo sa lalo pang pagpapalalim ng ugnayan sa kapuwa.

*Talaan 1: Antasan ng Pagtutunguhan*

*Ibang-tao*

Pakikitungo

Pakikisalamuha

Pakikilahok

Pakikibagay

Pakikisama

Hindi ibang-tao

Pakikipagpalagayang-loob

Pakikisangkot

Pakikiisa

*Daan ang damdamin, pakikiramdam*

Dahil sa damdamin ang gamit sa pakikitungo sa ibang sarili ay natatayang madali ang loob, halimbawa, kung paanong mapakikitunguhan sa isang sitwasyon ang kaharap na kapuwa-tao. Gamit ang pakikiramdam (Mataragnon 470-482) bilang paraan sa pagtataya sa kalooban ng kapuwa, naipapalagay

## HASAAN

ang loob. Ito ang pagpapalagayan ng loob na siyang dapat matamo kahit pa sa pananaliksik. May palagayang-loob na ang kalahok at mananaliksik kung hindi na nagkakahiyaan ang bawat isa. Halimbawa na may palagayan na nang loob ay ang simpleng pag-alok ng pagkain ng kalahok sa mananaliksik, ang pagpapatuloy sa bahay o di kaya'y pagsasalo-salo pagkatapos ng kuwentuhan. Maaari ding anyayahan sa ilang mahalagang selebrasyon ang mananaliksik bilang tanda ng paglalim ng pagtutunguhan. Ang pagpapalagayang-loob ay nagpapatibay sa pagkatotoo ng datos na nakalap.

Kaya nga sa pananaliksik kailangang talasan ang pakiramdam dahil ito ang daan doon sa 'loob'. Ayon nga kay Erasga ito ang ating panantiya sa parati sa mga pagkakataong kailangan nating tumugon sa dinamikong sosyal. Tanda ng pakikipagpalagayang-loob ang pagiging makuwento kahit sa hindi pa man matagal na kakilala. Ang tanungan at kuwentuhan kasi ang mga daluyan mismo ng pagpapalalim ng pagtutunguhan. Kinikilala natin ang isa't isa sa panahon ng mga proseso ng pagpapalitang ito ng impormasyon sa pananaliksik. Ang mananaliksik ay handang makinig sa mga kalahok (93-95). Sa ganito, makakabuting alamin ang wikang gamit ng mga kalahok, sikaping matutunan ito kahit na bahagya sa simula. Mahalagang batid ng mananaliksik ang mga isinasaad ng mga kalahok sa kanilang mga pananalita. Nasa wika na kanilang ginagamit ang unawa nila sa mga bagay-bagay, manapa ang mga konsepto o ideya nila. Hinihingi sa gayon ng pamamaraang may pakikipagkapuwa ang gamitin ng mananaliksik ang wika ng kalahok. Mabisa ang paggamit ng wika nila mismo dahil magiging masigla ang usapan, tanungan, at kuwentuhan. Kaya kung ang mga kalahok sa Ilocos ay nagsasalita ng Ilokano, dapat ay mag-Ilokano rin, kung nasa Visayas naman at Hiligaynon o Cebuano ang gamit nila dito, ito rin ang wikang dapat gamitin ng mananaliksik. Sa gayon malaki ang maitutulong ng pagtuto sa mga wikang Filipino ng mananaliksik dahil ito ang hinihingi ng pagkakataon.

Hinihingi rin sa pagtutunguhan na pakibagayan ang gawi nila at kumilos nang ayon dito. Ang pakikiugali sa mga taong tagaroon sa lugar ay susi sa pakikipagkapuwa. Iniaayon ng nagsasagawa ng pananaliksik ang ikikilos sa mga tagaroon, kung oras ng pahinga dapat ay nagpapahinga rin ang mananaliksik. Makiugali sa kanila upang makipag-palagayang loob. Karaniwan namang tanggap ang mga ugaling ito sa anumang mga pangkat ng tao gaya ng umpukan at usapan. Magmasid nang may pagkilala sa mga alintuntunin ng pamayanan. Makinig, hayaan silang magpahayag ng kanilang kuru-kuro. Maging magalang sa pagpapahayag ng saloobin na sa parati ay isinasaalang-alang ang kapakanan

ng maliliit. Hindi kailangang makipagtaló, hinihingi sa parati sa ganitong pakikipanuluyan ang maging mahinahon ang mananaliksik sa pakikipag-usap. Ang mga taga-roon mismo ang higit na nakababatid ng nararanasang kondisyon o sitwasyon. Makikain sa kanila kahit pa nga piliin na lamang ang gusto sa mga pagkaing mayroon sila. Hindi naman kailangang tanggihan pa ang alok na tinapay o prutas kahit kapisaso man lang nito ay kunin at pasalamatán. Huwag ipilit ang ideya lalo na kung ito ay ukol sa politika o relihiyon sapagkat mayroon ang mga taga komunidad na iyon ng kanilang sinasampalatayanan. Maging mapitagan sa komunidad.

### *May paraan o may dahilan*

Sa wika natin, ang metodo ay hindi mekanikal na gawain lamang kaya nga ang katagang gamit dito ay pamamaraan. Mula sa salitang ugat na daan ang paraan. Kung ang gamit na salita ay paraan ito ay kung paano gagawin ang isang bagay at kung *pamamaraan* ito ay ang iba't ibang kakailanganing gawain upang matamo ang mithiin. *Maparaan* naman ang itinatawag sa taong may angkin na galing sa paghahanap ng solusyon o harapin ang mahirap na sitwasyon. Nakakagawa ng mga paraan upang maiayos halimbawa ang mga bagay na wala sa tamang pagkakasalansan. Kaugnay ng katangiang maparaan ang pagiging masinop. Sa agham, kailangang maging *masinop*, iyon ay ang paglalagay sa ayos ng anuman upang madaling maintindihan kung ito man ay kaalaman. Isinasasistema ang kaalamang buhat sa pira-pirasong impormasyon upang makapagpaliwanag sa agham. Ito nga ay pagsisinop at sa paggamit ng paraan o pamamaraan natatamo ang isang paglilinaw o pagpapaliwanag, tulad ng pagbubuo ng teorya sa isang agham. Maging katutubo man ang pamamaraan sa paghahagilap ng kaalaman ang nararating nito'y isa ngang agham. Isang nabuong kaalaman ang kapuwa. Buhat sa mga unawa natin sa mga proseso ng mga interkasiyong sosyal na karaniwan nating kinapapalooban natuklasan natin na ang turingan natin ay iba o hindi-iba ang tao sa sarili dahil kapuwa. Ang iba o hindi-iba ay kapareho sa katayuan dahil may dangal ang pagiging tao. Kaya nga ang ibang tao ay hindi rin naman iba sapagkat kapuwa naman talaga.

Sinasabi pa na “kung gusto'y may paraan, kung ayaw ay panay ang dahilan o may dahilan.” Inilalarawan sa ekspresyong ito na may solusyon sa problema kung gugustuhing hanapan ng paraan. Kaya naririnig na gagawan ng paraan ang inaakalang wala na ngang magagawa pa. Subalit kung ayaw natin ay maaaring may dahilan tayo kung kaya' t hindi natin hahanapan ng kalutasan ang

## HASAAN

isang suliranin o gawan ng paraan pa ito. Karaniwang naririnig na ‘panay ang pagdadahilan’ na ganito o ganyan kaya hindi na pwedeng gawin ang hinihingi o hinihiling. Sa ganito batid na may magagawa naman pero hindi ito gustong gawin. Maaari din naman na napagpasyahan ng may kakayahang gawin ang hinihingi o hiling sa kanya subalit kapahamakan o kabuktutan ang kahihinatnan nito kaya minabuting magdahilan na lamang. Sa madaling sabi maraming posibilidad na magawang masolusyunan kung problemang talaga at kung loloobin ito ng may kakayahang gumawa ng paraan. Maaaring nailalarawan sa mga sitwasyong “may paraan o panay dahilan” ang kaugnayan sa kapuwa pati na ang kahulugan nito. Malamang kung ang turing ay hindi-ibang tao ay may paraan. Kung maluwag sa loob ay nahahanapan ng paraan para matugunan ang pangangailangan. Sakali mang sadyaing sabihin na walang paraan kahit pa may lehitimong pangangailangan ay dahil may malaki pa ngang pagitan ang loob ng kapuwa.

Samantala maikakatuwiran pa rin na ang anumang kinakaharap na suliranin ay may katumbas na kalutasan lalo na at hahanapan talaga ng paraan. Kung ano ang paraan upang magawan ng solusyon ang problema ay siyang matamang pagtutuunan ng pansin upang malapatan ng kung ano ang aakma sa sitwasyon. Sa ganito, ang paraan ay paghahanap kung ano ang maglalagay sa ayos sa mga bagay na samu’t sari o nagkahalo-halo. Hindi iba ang puntong ito sa pagsasagawa ng pananaliksik kung saan ang problema ang magtatakda ng kung ano ang paraang gagamitin upang matugunan ang nasabing suliranin. Ang ibig sabihin ay hahanapan ng paraan at hindi lamang magdadahilan na ganito o ganyan kaya hindi masolusyunan ang problema. Sa gayon dapat ay walang pagdadahilan sapagkat hindi lamang gustong gawin ang isang bagay kahit may paraan naman. Ang kapuwa ang siyang dahilan upang hanapan, gawan ng paraan ang problema gaya sa isang isinasagawang pananaliksik.

### *Tabi po, makikiraan lang*

Ang pagsasabi na “paraan po” ay paghingi ng pahintulot na siya’y bigyan ng daan upang makarating sa paroroonan. May pasintabi o pagsasabi na kung maaari ay paraanin at kung maaari ay tumabi muna kung sakaling nakaharang upang di masagasaan o madaanan. Sa ating kultura noon pa man ay nagtatabi-tabi na tayo, kaya hanggang sa kasalukuyang panahon ng mabilis na teknolohiya’y naririnig pa rin natin ang “tabi po.” Ito ay paghingi ng pahintulot na paraanin tayo maging sa mga pinaniniwalaan nating mga hindi nakikita sa

ating paligid na pisikal. Manabi ka o makiraan upang hindi ka saktan ng mga hindi nakikita. Ang pasintabi ay ginagamit natin maging sa mga nakikita subalit hindi tayo tiyak kung masasaktan sila maging sa ating sasabihin, sa kanilang maririnig o matutunghayan. Kaya nga karaniwang naririnig natin na bago bigkasin ang maaaring maselan sa panlasa ng iba ay, sinasabing “pasintabi po” lalo na sa mga kumakain dahil sa atin may mga taong mahina o malakas ang sikmura. Manapa ang taong hindi nagpasintabi at nakasagi ng di nakikita ay sumasakit ang sikmura, ang sabi nga ng iba ay nausog. Mayroon ding hindi masikmura ang sinasabi o ginagawa ng iba. Nagpapasintabi rin tayo kung sa akala natin ay “makasasagasa” tayo ng damdamin ng iba. Tinatalasan natin ang pakiramdam sa ating pagtutunghayan dahil ito ang hinihingi ng mabuting ugnayan sa lipunan. May pag-iingat tayo nang hindi makasakit ng damdamin dahil ang kalahok ay kapuwa (Mataragnon nasa Yabut at Fernando 3-4). Bunga ng matalas na damdamin kaya sa parati’y may pag-iingat tayo at may pasintabi.

May “paki” sa salitang makiraan (inihalili ang “m” sa “p” ayon sa alituntunin ng paggamit sa wikang Filipino, (Santiago at Tiangco 11, 96, 159) na nag-aadya na ito’y isa ring pagsuyo gaya ng isang pakiusap upang tupdin ang isang kahilingan. Kaya nga kung pinaikli ang makiraan (paki-raan) ay paraan. Kaya maririnig na sinasambit ang “paraan po” kung siya’y may patutunghayan. Makiraan dahil may mga hadlang, balakid o harang. Sadya man o hindi gaya ng nasabi na kailangan ng pasintabi. “Pasaan kayo?” ang tanong sa nagsabing “paraan po” kaya sa halimbawang ito ng usapan, pansin agad na nakasentro sa kapuwa ang interaksyon. “Paroon po sa gawi pa doon,” ang sagot sa tanong ng hiningian ng pahintulot para dumaan. Ganito rin ang pagbibigay ng permiso sa kapuwa na inaanyayahan natin sa ating bahay o may pakiusap na dalhin sa atin. Sa mga ekspresyong “daan ka”, “i-daan mo” (sa pormal na anyo, pakidaan) o “daanan mo” nailalarawan ang mga ugnayan natin sa kapuwa. Pati nga sa ekspresyong, “dinadaan daanan ka na lang” ay nakikita natin kung paano ang nagiging turing sa tao dahil sa ganito’y di halos pansin ang kapuwa. At dahil sa damdaming nakatuon sa kapuwa, maging sa ating kapaligiran ay may pakiramdaman parati (Erasga 93-95) partikular sa ating mga interaksyon sa lipunan. Tulad ng nabanggit na, mahalaga ang makiramdam ang mananaliksik sa kinapaloobang kultura ng mga kalahok sapagkat ang pananaliksik ay isa ring interaksyong sosyal.

## HASAAN

### *May paki sa kapuwa, pakikipagkapuwa*

Sumasalamin pa rin sa ating maka- kapuwa na oryentasyon ang ekspresyong “paraan po”. Hindi naman talaga ang turing sa iba ay ibang-tao gaya ng nasabi na, kaya kung hiningi ang pahintulot na makadaan ang tugon ay “sige po tuloy kayo”. Ang “tuloy kayo” ay pagtanggap din sa bagong dating sa lugar. At kung paalis naman ay sinasabing “balik kayo” na nangangahulugang nasiyahan ang tumanggap sa kanilang pagdating at sa pag-alis ay muling inaanyayahan na doon muli tumuloy. Ang “kayo” ay katagang pananda ng pagkilala, ng paggalang kahit pa iisa lang naman ang tinutukoy sa pagsasabi nito. Nabanggit na rin na madalas nating naririnig na kung may humihingi ng pahintulot na makaraan ay tinatanong kung pasaan sila sapagkat ito ang itinatakda sa pagtutunguhang Pilipino, ang pakikipagkapuwa. Ang pagtatanong kung “saan po ang punta?” ay maaaring ekspresyon lamang sa ating kultura subalit sinasalamin nga nito ang ating pagpapahalaga sa kapuwa. Sa ating pagtutunguhan, may “paki” ang iba sa atin, o may pakialamanan taliwas talaga ito sa ekspresyong “walang personalan, trabaho lamang.”

Sa lipunang may kapuwa hindi pwede ang “*strictly politics*” una Ingles ang ekspresyong ito kaya malayo sa karanasan natin. Samakatuwid may paki tayo at hindi “walang personalan.” Kaya nga may alam tayo sa ating kapuwa. Ganun na lamang ang himutok ng pinuna kung ‘pinepersonal’ ang pamumuna sa kanya. At kung himagsik ng damdamin ang nadarama ay dahil ito’y panay pula namang talaga. Kaya kung malapit sa loob ng pinuna o pinulaan ang gumawa nito lalong mabigat sa damdamin dahil ‘personal’ nga ang dating ng gayong pagsasabi. Hindi nga ba nais din natin na mas ‘personal’ na lapitan o dulugan ng daing kaysa idaan ito sa pormal na sulatin. Manapa may mukha ang ‘personal’ na pagdulog, pagtatagpo at pag-uugnayan. Maging sa ating pananaliksik ay may pakialamanan. Ito ay isang etika sa ating metodo ng risirts. May kapuwa sa pananaliksik. May “paki” sa pamamaraan ng pananaliksik na Pilipino, kaya may pahintulot at pakialam. Sinasabi pa nga na, pasasaan ba iyan? Ang anumang gawain ay may patutunguhan, ano pa at mararating din ito. Kung iyon ma’y kaalaman ay matutunton din natin ito sa pakikipagkapuwa. Ang paglapit na personal sa mga nasa komunidad ay paglapit sa kanilang loob, may mukha ang mananaliksik, may hiya sa kapuwa dahil iisa namang talaga ang dangal nila bilang tao.

Ang pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan ay mga pamamaraan ng pagkalap ng datos na may pakikipagkapuwa (Javier 11-12). Sa pagsasagawa ng pananaliksik ginagamit ang mga ito dahil gamay na nga natin ang mga



paraang ito ng pagbatid sa nais nating malaman, matuklasan o matutunan. Hindi pinagtatakhan ng Pilipino kung may nagtatanong-tanong sa kanya o makipagkuwentuhan sa biyahe lalo na kung mahaba-haba ito. Dinadaluhan niya ang mga pulong kung may tatalakaying usapin kundi man may kinalaman ito sa kanya bilang indibidwal ay interesanteng talaga ang usapan at ito'y may patutunguhan. Matamang nakikinig sa isang panayam upang matulungan sa kanyang pag-iisip o di kaya sa gagawing pagpapasya. Nakakakuha kasi siya ng impormasyon marahil upang mataya ang magiging sitwasyon o makatugon siya ng ayon at alinsunod sa kanyang pagkaunawa. Ang mga paraang ito ay hango sa buhay Pilipino. Kaya nga, halimbawa ay nagtatanong-tanong siya sa kung kani-kanino dahil tiyak na ilan sa kanilang mapagtatanungan ay alam ang sagot sa kung saan talaga naroon ang lugar na nais marating. Ang maling impormasyon ay pinasusubalian ng higit na nakararami at magsasabi silang iyon nga ay mali. Kung tutuusin may magwawasto sa maling sinabi o isinagot sa matinong itinanong.

### *Kinakapa, kinakalap sa karanasan*

Samantalang naihingi na nga ng pahintulot ang 'ating pagdaan' at tayo ay pinatuloy na, ang pamamaraan natin sa paghahagilap ay pakapa-kapa pa rin. Ang *kapa* ang ugat ng salitang *pakapa-kapa*. Kung biglang nawalan ng liwanag ng ilaw at may kailangang kunin, kinakapa natin ito. Maingat na ginagamit ang mga kamay sa pagkapa ng palad upang makuha ang kailangan. Batid natin na naroroon lamang ang bagay na hindi madaling makita sa madilim na paligid kaya nga kinakapa-kapa ito. Sa matagal na panahon ng pagsasanay sa loob ng ating kultura sa pagpapahusay ng pakiramdam ay nagiging matalas ito at siya nating gamit sa pagkapa. Hindi tayo gumagamit lamang ng mata sa pagmamasid-masid o ng tenga sa pakikinig kundi gamit din ang pakiramdam sa pagtataya sa ating paligid, sa pagtatanya sa damdamin ng ating kapuwa Sa ganitong oryentasyon, kinakapa-kapa din natin ang daan doon sa patutunguhang kaalaman. Kaya nga sa pananaliksik ay pakapa-kapa tayo sa mga pira-pirasong bahagi ng impormasyong makakalap natin sa pamamagitan ng pagtatanong, kuwentuhan, panayam at talakayan. Sama-sama tayo sa pagtahak sa landas tungo sa pagtuklas sa kaalaman sa paggamit ng mga metodong ang oryentasyon ay kapuwa.

Ang pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan ay mga metodong Sikolohiyang Pilipino dahil hango ito sa sikolohiya ng mga Pilipino, sa

## HASAAN

mga pangkaraniwang karanasan sa ating kultura at lipunan. Malawak ang maaaring paggamitan ng mga metodong Sikolohiyang Pilipino sapagkat halaw nga ito sa buhay at pamumuhay Pilipino. Sa gayon, sa mga pag-aaral sa mga agham panlipunan o siyensiya ng antropolohiya, pilosopiya, sosyolohiya, historyograpiya, politika, ekonomiks at maging sa mga aralin sa ispiritwalidad ay magagamit ang mga metodong Sikolohiyang Pilipino lalo na sa loob ng ating kultura at maging sa labas nito sa mga komunidad na Pilipino saanman sa mundo. Alinsunod sa patakarang maka-agham, ang mga pamamaraang pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan ay hinulma batay sa hinihingi sa sistematikong metodo ng pananaliksik. Sa pananaliksik importante na may sinusundang tuntunin ang mananaliksik upang maipunawa kung papaanong natamo ang kaalaman. Sa ganitong katuwiran, kailangang mailahad ng masinop ang metodo ng pananaliksik na ginagamit gaya ng tanong-tanong at kuwentuhan. Sa mga sumusunod na seksiyon, inilalahad kung paanong isinasagawa ang pananaliksik gamit ang mga metodong Sikolohiyang Pilipino. Dalawa nga sa mga ito ang inilalahad sa sumusunod – ang pagtatanong-tanong at ang pakikipagkuwentuhan.

### *Nagtatanong-tanong sa mga naroroon*

Noong tugunan ng mga mananaliksik ang hamon sa pagsasakatutubo ng mga pamamaraan ng pananaliksik, sinimulan itong hagilapin sa kultura, sa praktis mismo o kinagawian natin ng pagbatid, pag-alam sa mga bagay bagay. Nagtatanong-tanong tayo. Dekada sitenta noong nagdaang dantaon nang simulan ang pagsasasistema nitong pamamaraan para maibagay sa hinihingi ng maka-agham na pamamaraan ng pagsisinop. Sinimulan nina Lydia F. Gonzals (pagtatanong-tanong) at Ma. Gracia A. de Vera (pakikipagkuwentuhan) ang mga metodong ito bilang gamit sa pananaliksik sa mga agham panlipunan. Sinusugan nina Rogelia R. Pe-Pua (pagtatanong-tanong) at Grace O. Orteza (pakikipagkuwentuhan) ang mga pamamaraang ito sa pag-aaral ng mga penomeno sa kultura at lipunang Pilipino. Bilang pagpapatibay sa mga pamamaraang pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan ginawan ng mga sistematikong pag-aaral ang mga metodong ito ni Roberto E. Javier Jr. (Javier 11-13).

Hindi isang salita lamang na tanong ang ginamit sa pagtatanong-tanong, inuulit ang katagang tanong. Ang isang salita na tanong ay pasibo samantalang ang tanong-tanong na may paguulit ay aktibo. Seryoso kasi ang nagtatanong-

tanong na makuha ang sagot at dahil may pag-uulit nga ay masasabing mapagkakatiwalaan ang sagot mula sa maraming tinanong-tanong. Magtanong-tanong ka sa mga naroroon sa lugar na iyon at malamang na marami sa kanila ang nakakaalam ng hinahanap mong sagot. Kung nagtatanong-tanong ka sa hindi pamilyar na lugar sa iyo ay dahil nais mong tiyakin na makararating ka sa patutunguhan mo doon. Kung gayon, ang pagtatanong-tanong ay paghahanap ng sagot sa nais alamin. Malamang na sa pag-uulit ng mga magkakatulad na tanong sa maraming makapagbibigay ng sagot ay matutunghayan na may pagkakatulad ang mga tugon nila. Bukod diyan, masusundan din na iyon at iyon na rin ang isinasagot sa mga tanong. Hindi naman masasabi pa na ang resulta ng pagtatanong-tanong ang siya nang nais alamin o tukuyin dahil datos pa lamang ang mga ito. Kailangan siyempreng suriin ang datos upang mailapat ang pag-unawa dito. Bukod pa rito, kailangang balik-balikan ang lugar kung saan nagtanong-tanong upang tiyakin ang ilan pang pagpapatibay sa mga kasagutang natamo sa mga natanong-tanong tulad ng mga naganap na pangyayaring maiuugnay sa paksa ng pag-aaral o di kaya naman ay sa mga may awtoridad tungkol sa usaping kaugnay ng nais mabatid. Sa gayon matibay ang pagkukunan ng paliwanag sa paksa ng pag-aaral.

Sa pagsasagawa ng pagtatanong-tanong, may paghahandang gawain. Tulad ng isang maglalakbay nalalaman niya kung ano ang gusto niyang gawin, iyon ay marating ang patutunguhan. Subalit para makarating sa lugar, aalamin niya muna kung paano makakarating doon at titiyakin niya kung saan mismo ang hinahanap sa pamamagitan ng pagtatanong-tanong. Sasabihin na bakit magtatanong-tanong pa kung may mapa naman na dala at batid na rin ang direksiyon patungo sa pook. Maikakatuwiran na di lamang mas mabisa ang nagtatanong-tanong bagkus ay mabilis pa ito. Mabisa ang pagtatanong-tanong sapagkat naroroon na mismo sa lugar ang mga may sagot. Mas mabilis na mababatid ang nais alamin lalo na kung ang natanong ay taal na sa lugar o malaon na doon. Alam naman natin na mabilis ang pagbabago sa pisikal na paligid natin, anupa't ang mga taong doon dumaranas ng pangyayari sa tuwina. Ang dating tawiran pati mga taong nakatira doon sa tabi ng ilog ay parehong wala na roon. Ang dumaang malakas na bagyo sa lugar ang dahilan ng pagbagsak ng tulay at paglikas ng komunidad. Bukod sa binabago sa parati ng kalikasan ang komunidad, gawing-gawi na nga natin ang pagtatanong-tanong dahil tayo ay nakikipagkapuwa -tao. Ito ang kiling natin. Bahagi na ito ng buhay. Hindi pinagtatakhan ang behebyur nang nagtatanong-tanong, karaniwan ito sa lipunang minamahalaga ang makipagkapuwa. Importante sa atin na ituring ang

## HASAAN

kapuwa kahit pa sa simula ng pagtutunguhan ay nasasa ibang-tao pa ang antas nito.

Kung tayo ay nagtatanong-tanong, nakikipagkapuwa-tao tayo. Hindi lamang para malaman natin ang nais tuklasin o marating ang patutunguhan, hinihingi ang pakikipagkapuwa kahit sa pagtatanong sa pamantayang Pilipino. Sa gayon, pinaghahandaan ang pakikipagkapuwa sa pagtatanong-tanong. Dahil kung naroon ka na sa lugar, mabuting ugali sa atin ang makipagkapuwa. Kaya sa pagtatanong-tanong ay may pagkikilalanan, nakikilala ka at nakikilala mo sila. Kahit na ang turing muna ay ibang-tao ang tinatanong-tanong sa simula ng pagtutunguhan, laging may malay sa kapuwa. Mas mabuti kung sa pagtatanong-tanong ay maabot pa ang pagturing sa tinatanong na hindi na siya ibang tao. Ayon nga kay Virgilio G. Enriquez, aking uulitin, na sa ating pagtutunguhan sa lipunan, ang iba sa atin ay kapuwa pa rin subalit ang maituring siyang hindi na nga ibang tao ay pagkilala sa sarili na kapara sa dangal. Tulad nang nasabi na, ang ako at ang iba sa akin ay kapuwa Pantay ang katayuan. Kaya tayo ay nagtatanungan, kung ikaw ay magtatanong, tatanungin ka din dahil hindi ito *one way* gaya ng interbyu.

### *Maaari po bang magtanong-tanong? Magpakatotoo't magpakatao*

Sa pagsasagawa ng pagtatanong-tanong, nagsisimula sa paghingi ng pahintulot. Maaari po bang magtanong-tanong? Ang pagtatanong-tanong ay paraang pasalita. Ang ating tradisyon di nga kasi ay mas *oral* kaysa *verbal*, ang pagpapahayag na pasalita kaysa sa pasulat ito. Kaya nga ang mga metodong kuwentuhan at tanungan ay pasalita. Samantala, sinisinop natin sa makabagong teknolohiya ang datos mula sa mga prosesong ito. Hindi naman sa parati ay nakasulat sa literal na kahulugan nito kundi ang dokumento ay maaari namang irekord sa awdyo at biswal gamit ang modernong teknolohiya ng pagiimbak ng impormasyon. Kaya nga ang pahintulot ay aktuwal na hinihingi sa tagapagbatid. Gayundin naman, maaari nang tanggihan agad ang nagtatanong-tanong ng tagapagbatid. Sakaling pahintulutan, maaari namang hingin ang kanyang pagsang-ayon at ilagda sa *informed consent form* ang kanyang ngalan. Sakaling pahindiin niya ang paglagda sapat ng katibayan ang pagsagot ng iyong kapuwa. Sa simula pa lamang ng pagtatanong-tanong naitataguyod na ang pakikipagkapuwa. Kung ang tatanong-tanungin ay humindi dito, hinihingi rin niya ng paumanhin ito, sasabihing ipagpasensiya na at hindi niya alam o siya ay abala pa sa gawain. Karaniwang tinutugunan ito ng nagtatanong-

tanong ng kaaya-aya tulad ng pagpapasalamat pa rin, gaya ng pagsasabi na “sige po, salamat, siguro sa ibang pagkakataon na lamang po.” O di kaya naman ay sasabihing, “bumalik na lang kayo sa ibang araw.” Manapa ang *ethics* ng pananaliksik na Pilipino ay nasa pakikipagkapuwa.

Dahil pursigidong malaman ang isang bagay, ipinagpapatuloy ang pagtatanong-tanong sa iba at maraming tao. Kung pinalad na sumang-ayon ang tagapagbatid, maaari nang ipaalam ang nais matuklasan, matutunan o dili kaya ay matunton. Samantala, magtatanong-tanong din ang tagapagbatid sa iyo bilang mananaliksik. Ito ay hindi taliwas sa atas ng pakikipagkapuwa at dapat dinggin ito at sagutin. Itinataguyod sa lipunang may pakikipagkapuwa ang pagkakapantay. Nabanggit na nga, na pantay ang katayuan ng mananaliksik at kalahok sa pag-aaral dahil nga kapuwa. Hindi hiwalay sa karanasan ang makipagkapuwa sa mga sitwasyong inaasahan ang pagtutunguhan na may pagpapakatao. Manapa, obligado ang mananaliksik na maging makatotohanan sa pagsasabi ng pakay ng pag-aaral at kung ano ang patutunguhan nito. Asahan rin na magpapalitan ng impormasyon. Hindi naman mali na maging matapat sa pakikipagkapuwa habang nangangalap ng datos sa pagtatanong-tanong dahil ayon ito sa pagpapakatao.

Malaki ang maitutulong ng gabay ng mga tanong. Ang gabay ang siyang patnubay ng mananaliksik sa pagsasalansan ng nais alamin na maaaring nasa anyo ng mga tanong, paksa, o parirala. Hindi kailangang mahigpit na sundan ang mga tanong sa gabay dahil hindi nakasalansan ang mga ito na tulad sa isang iskedyul sa interbyu. Higit na mahalaga na maitanong ang mga nasa gabay ayon sa daloy ng usapan sa panahon ng pagtatanong-tanong. Inihahanda ang gabay bago pa man magtungo sa pagtatanong-tanungan. Hinihingi sa sistematikong pamamaraan na gawing malinaw ang mga tanong, siyempre ayon sa paksa ng pag-aaral. Kailangan ding subukin muna ang mga tanong sa ilang taong matatanong-tanong tungkol sa paksa na hindi kabilang sa mga magiging tagapagbatid. Sa gayon, matitiyak kung maiintindihan ito ng mga tagapagbatid sa mismong pagtatanong-tanong. Isa pa ay makapagrerebisa ng mga tanong, maaaring dagdagan o bawasan pa ang mga tanong sa gabay.

Ang gabay na mga tanong ay mahahango sa literaturang narebyu. Maaari din namang galing ito sa mga haka ng mananaliksik na matutugunan sa pagtatanong ng mga ito. Maaaring pangkatin ang mga tanong sa gabay ayon sa hinihingi ng pananaliksik. Alin sa mga tanong ang kakailanganin munang malinawan bago itanong ang iba. Alin sa mga tanong ang uunahin at ihuhuli bagaman hindi kailangang mahigpit na sundin ang mga tanong ayon sa

## HASAAN

pagkakasunud-sunod ng mga ito. Halimbawa, sa unang pulutong ng mga tanong ay may tatlo, alinman dito ay maitatanong nang una. Subalit kung may siyam na katanungan kailangang ang unang tatlong ito ay mabatid muna bago ang tatlo pang tigatlong mga tanong. Malaki ang maitutulong ng pagkakasalansan ng mga tanong lalo na kung may pagpapalalim sa paksa. Samantala kailangang itanong ang mga ito ayon sa daloy ng usapan na hindi minamadali ang tagapagbatid at ang palitan ng tanungan at sagutan. Minsan pa nga ay hayaang may maliliit na kuwento na isisingit ang tagapagbatid sa usapan kahit pa nga hindi ito kailangan sa datos dahil bahagi ito ng pakikipagkapuwa. Manapa ang paggaan ng tanungan ay ibinabadya ng mga kuwentong ibinabahagi ng kalahok. Tanda ito ng pakikipagpalagayang-loob. Masasabi pa na may mapupulot mula sa mga maliliit na kuwento na siyang lalong magbibigay ng linaw sa nais alamin sa pagtatanong-tanong.

Ang mga tanong sa gabay ay inihanda upang padaliin ang pagsasagawa ng pagtatanong-tanong subalit hindi nga iskedyul ito na mahigpit na iisa-isahing itanong. Maaaring sa panahon ng pagtatanong-tanong ay may mga tanong na nais itanong na may naiibang sagot sa parehong tanong. Madalas na mangyari na ang mga tanong ay manggagaling sa isinasagot ng tagapagbatid. Kailangang linawin ito sa kanya. Hingin na tulongan ka niyang maunawaan ang kanyang ibig sabihin sa mga sagot. Gawi kasi sa ating kultura ang magpaliwanag gamit ang metapora. Hayaan ding tanungin ka niya upang makapagpalitan ng naiisip sa nais alamin. Maaaring sa mga tanong ay makakuha ng sagot dahil ito ay paglilinaw ng punto, pagpriprisinta ng perspektibo sa paksa ng usapan. Hindi naman kasi isahan tulad sa interbyu ang tanungan kaya malamang hindi iisa ang nagsasalita o sumasagot. Malamang kinukumpirma ng iba ang sinasabi kundi man kinontra ito, iyon ay pinatotohanan o pinabubulaanan. Ang ganitong pangyayari ay tanda di lamang ng masiglang pag-uusap kundi katibayan din ito na malapit sa totoo ang nakukuhang datos. Pinapatibayan ang katuwiran at pinasisinungalingan ang di makatotohanan sa usapang marami ang lumalahok tulad ng sa kuwentuhan at tanungan.

Hindi man mahigpit na sinusunod ang pagtatanong sa mga nakasalansan na mga tanong sa gabay ay hinihingi naman na maitanong ang lalong kakailanganin sa paksa. Kinakailangan na ang mga tanong na mabubuo sa panahon mismo ng tanungan ay iyong nakaayon pa rin sa paksa ng pag-aaral. Sa ganito mapapanatili ang katumpakan ng mga itinatanong at nahahagilap talaga ang tamang sagot para sa nais alamin. Ang pag-aayos ng gabay ay pagtitiyak na magiging masinop ang daloy ng pagtatanong-tanong. Hindi hinihingi na

daladala ng mananaliksik ang gabay. Higit na mabuti kung ito ay nabuo rin bilang memorya na at sa panahon ng pagtatanong-tanong ay mababawi nga mula sa itinabi sa isipan. Kaya hindi dapat mahaba ang mga tanong at hanggang maaari ay madaling maalala ang kailangang itanong nang hindi kinakaligtaan ang lalong mahalagang maitanong. Maidadagdag na kung may nakalimutang itanong ay maaari namang balikan ang mga tinanong-tanong kung may panahon pa o di kaya naman ay itanong ito sa iba pang maraming tagapagbatid. Gaya nang nasabi na, ang ibang mga tanong ay iniluluwal sa proseso mismo ng tanungan dahil mula sa tugon ng kalahok ay may mga tanong na magmumula doon.

Atas ng marangal na pagtutunguhan sa ating lipunan ang makipagkapuwa kaya pati sa pananaliksik ay inaasahan ito. Sa pagtatanong-tanong, inihihingi sa pagsisimula ang pahintulot ng kalahok sa mananaliksik. Nasabi na rin na sa simula ay maaari nang tumanggap makilahok sa mananaliksikang tagapagbatid. Kung may mahinging pahintulot ang mananaliksik, hinihingi rin na palalimin ang pagtutunguhan upang ibayong pagpapatibay sa proseso ang matamo nito. Hindi rin minamadali ang pagtatanong-tanong. Isinusunod ito sa ritmo ng karaniwang tanungan. Walang itinatakhang oras ng pagsisimula gayundin ng pagwawakas. Maaaring magsimula na kung handa nang makipagtanungan ang mga tagapagbatid. Ang mananaliksik ang may kailangan sa datos tulad ng isang taong naghahanap ng lugar o sa nawawalang anuman, kaya matiyagang nagtatanong-tanong sa kung kanikanino. Ang mananaliksik din ang makikisama o makikibagay sa sitwasyon sa panahon ng pagtatanong-tanong. Kung oras ng pagliligpit ng mga lambat na ginamit sa pangingsda ang panahon ng pagtatanong-tanong ay iyon ang tiyempo na makiupo sa kanila para maisagawa ang pananaliksik. Hindi naman maaari na habang sinasaka ang bukid ay tatanung-tanungin ang mga magsasaka kundi sa oras na sila ay nagmiminindal na o naglalakad ng pauwi sa kanilang bahay. Kung ang mga tatanong-tanungin naman ay mga maybahay magandang gawin ito kung di na sila abalang-abala sa gawaing-bahay.

Iginagalang ang gawaing pang araw-araw ng mga magiging tagapagbatid. Mahalaga na sa tiyempong hindi sila lalong abala sa mga gawain dapat isagawa ang pag-aaral. Kung ang drayber ng dyip ay nasa pondohan at naghihintay ng kanyang pasada kasama ng ibang tsuper maaaring magtanong-tanong. Subalit kung kailangan niya nang bumiyahe at susunod na siya sa pilahan hayaan siyang gawin ito. Hindi kailangang tapusin ang pagtatanong-tanong dahil sa paglisan ng isa sa usapan. Itinutuloy ito ng mga naroroong maiiwan. Nakabalik naman sa usapan ang sinumang kalahok kung nagampanan na niya ang gawain. Hindi

## HASAAN

hinihigpitan ang ganitong sitwasyon dahil gamay na natin ang pagtatanong-tanong. Kung may hinahanap kang lugar nagtatanong-tanong ka sa mga tsuper sa mga istasyon ng sasakyan o sa umpukan ng mga tao na naroon. Isang pagtulong ito sa ating lipunan. Kundi man maituro sa iyo o maibigay ang impormasyong hinihingi mo ay ipinapasa ka sa iba upang sila naman ang sumagot. Ang tanda na, yon na marahil ang sagot, ay ang pag-uulit ng iba pang tagapagbatid sa sinasabi na ng mga naunang natanong. Ito ang paghahanap ng lalong matibay na patotoo sa mga nakalap na sagot sa maraming iba.

Pinagagaan ng pagtatanong ang solisitasyon ng sagot dahil simple ang pagsasagawa nito. Pantay nga kasi ang katayuan ng mananaliksik at kalahok sa proseso ng pananaliksik. Hindi nakahihigit ang sinuman dahil may pagkakapantay sa pagtutunguhan. Inaasahan sa tanungan ang sagutan, ang palitan ng impormasyon sa pagitan ng mananaliksik at kalahok. Hindi lamang ang mananaliksik ang maaaring magtanong, tatanungin din siya. Hindi naman siyempre bahagi ng datos ang sagot ng mananaliksik sa tanong ng kalahok subalit makatutulong ito sa kanyang pag-aayos ng datos. Muling mapag-iisipan ang mga nagiging tugon at ang kabuuan ng maaaring kahinatnan ng pagtatanong-tanong. Hindi lamang ang mananaliksik ang natututo sa tanungan kundi pati ang sinuman sa umpukang iyon na interesado sa paksa. Maaaring sa pagtatanong ng kalahok ay malinawan siya sa isyu o mabatid niya ang impormasyong kailangan pa para mapag-iisipan ang ilang bagay. Parehong may pakinabang sa proseso ng pananaliksik na ito ang mga kalahok at ang mananaliksik. Ang mabuting pagtutunguhan na pareho nilang matatamo ay magpapatibay ng kanilang identipikasyon sa lipunan at kulturang Pilipino. Pinagyayaman nila ang karanasan sa kultura na siyang patuloy na magpapayabong ng kalinangang Pilipino.

Sa panahon ng pagtatanong, seryoso ang mananaliksik na makahagilap ng impormasyon para sa pagbubuo ng datos. Hinihingi sa ganito ang matamang pagbabantay sa daloy at proseso ng pagtatanong. Ang mananaliksik ay handa sa tuwina na iayon sa dinamiko ng usapan ang pagtatanong sa mga kalahok. Siya rin ang gaganap na tagapamagitan sa mga kalahok kung mayroon mang mabuong tensiyon sa usapan. Isinasaalang-alang din ang bawat isa bilang kalahok sa, at may maibabahagi sa proseso. Sa gayon, nabibigyan ng pagkakataong matanong ang bawat naroroon sa umpukan. Hindi naman kailangang ang lahat ay may sagot, sapat na ang sumang-ayon o tumutol. Tanda na ang gayon ng kanilang pakikilahok dahil matamang nakikinig sa diskusyon. Samakatuwid, walang may monopolya sa usapan, lahat ay natatanong ng risirtsir kahit pa nga



hindi siya tuwirang tugunan ng sagot nito. Mas importante na makalahok ang naroon sa umpukan kahit man lamang sa pagiging saksi dito at lalo na sa pagtutunguhan. Hindi rin nawawala sa mga usapan sa umpukan ang mahilig talagang magsalita kaya halos siya na lamang ang nagsasalita kung minsan. Maiiwasan ito kung ang mananaliksik ay magtutuon din ng pansin di lamang ang mga dapat niyang maitanong kundi ang mabigyan niya ng tsansa ang iba na matanong din. Nabibigyan ng oras magsalita ang ibang nasa umpukan sa pagsasabi halimbawa ng ganito: ano po ba ang masasabi niyo? paki dagdagan (bawasan) po niyo ang sinasabi nila. Hindi naman kailangang pilitin magsalita ang piniling manahimik at makinig sapat na rin na siya ay naroroon. Ito'y atas ng pakikipagkapuwa, pagkilala at paggalang. Ang mananaliksik ang may pakay na mahalaga sa kanyang pag-aaral higit sa mga kalahok kung kaya kailangang nakatuon siya sa proseso ng pagtatanong. Sa parati, may malay siya na dapat datos ang ibunga ng tanungan. Sa gayon, ibinabalik sa paksa ang pag-uusap kung lumilihis ito dahil sa naiiba na minsan ang sinasabi o sagot ng kalahok. Dito kailangan ng mananaliksik ang katuwang sa proseso ng pagtatanong. Bukod sa makatutulong ang katuwang sa pagrerekord ng datos, maaari siyang maging tagapagpaalala. Maaari namang magpalitan ng papel ang dalawa, sa isang sesyon ng pagtatanong ang isa ay siyang katuwang at ang isa ang pangunahing tagapagtano. Makakabuti ang paggamit ng elektronikong pagrerekord dahil nasasagap nito ang detalye ng usapan. Madali ring mababalik-balikan ang naging daloy ng usapan. Kung hindi naman pahintulutan ang paggamit nito, ang katuwang ay makapagtatala ng mahahalagang punto ng usapan. Maaari ding balikan nilang dalawa ang naganap na pagtatanong kung tama ang mga naitala. Samantala, makabubuting lalo, na bukod sa elektronikong pagrerekord ay magsulat ng mga pinakamahalagang punto ang katuwang. Dapat rebuyhin agad ang naitala matapos ang pagtatanong upang matiyak na nakuha ang nais ipabatid ng mga kalahok.

Maaaring isagawa ang tanungan sa isang umpukan kung saan hindi kinakailangang imbitahan ang mga kalahok. Sa ganitong anyo ng pangkat makabubuting bumabad sa lugar ang risirtsir. Sa gayon makikilala siya ng mga tagaroon at mababatid nila na pakay niya ang magrisirts. Kailangan ng kakilala doon na magtutulay sa kanya upang may pagtitiwala sila na may mabuti siyang kalooban. Maaari namang ang tagaroon na kanyang kakilala ang maging tagapagpakilala niya sa mga umpukan kung nais niyang makapagtano samantalang bumababad sa lugar. Anuman ang maging lapit sa mga tatanong-tanungin (mga magiging kalahok sa pananaliksik) ang atas ng pakikipagkapwa

## HASAAN

ang batayan sa pananaliksik. Sa madali't sabi dapat din niyang matutunan ang makipagkapwa sa pagsasagawa ng pananaliksik sa larangan. Ito ang etika ng maka-Pilipinong pananaliksik, ang pagtutunguhan na ang layon ay matamo ang antas na hindi ibang-tao.

### *Makipagkuwentuhan sa umpukan*

Karaniwan ang kwentuhan sa ating kultura. Nagpapalitan tayo ng ideya at impormasyon, haka-haka at kuru-kuro. Sa mayamang kuwentuhan makabubuo ng salaysay o sanaysay na may saysay. Ito ang kuwentong may kuwenta dahil may kinahinatnang makabuluhan ang kuwentuhan. May mga kuwentuhang walang kuwenta dahil bidahan lamang ito at walang nabuong kuwento, lumipas lamang ang oras sapagkat paninira at pamumula ang naging usapan. Ang kuwentong may kuwenta ay kuwento ng mga kalahok hindi nang kapuwa lalo pa kung pula, puna at pagyurak sa pagkatao ang kinahinatnan nito. Ang kuwentong may kuwenta bukod sa nagbigay ng aliw, ay nakapagpa-isip pa sa mga lumahok dito. Isang pangyayari ang kuwentuhan kung saan aktibong nagbabahagi ang mga lumalahok dito ng kani-kanilang naging karanasan sa isang kaganapan. Iba-iba kasi ang kanilang naging papel at pagdanas sa isang pangyayari kaya't iba-iba rin ang naaalala dito pati ang intensidad at interpretasyon nila sa karanasan. Samantala, saksi ang bawat isang kalahok sa kuwentuhan sa naganap na pangyayari kung kaya mahalaga ang bahagi ng kuwentong kanyang ilalahad. Sama-samang binabalikan ang isang kaganapan kaya't tulong-tulong sa pagbubuo ng kahulugan ng naging karanasan sa pangyayari. Pantay ang katayuan ng mga kalahok sa kuwentuhan sapagkat tangan ng bawat isa ang baha-bahagi ng kuwento. Isang bahaginan ang kuwentuhan. Bawat bahagi rin ng isang kuwento ay nailuluwal sa pagpapalitan ng pagkakataon sa pagsasalita ng mga kalahok dito.

### *May pakay, walang paksa – makipagkuwentuhan*

May pakay subalit walang paksa ang kuwentuhan. Kaya nga ang kuwentuhang kinukutya ang kapuwa ay walang kuwenta dahil may pakay na ito sa simula pa lamang ng sesyon. Ang kuwentuhan ay iba rin sa pagkukuwento kung saan may buod na at may baha-bahagi na ang kuwento. Sa pagkukuwento, inilalahad na ang isang pangyayari na may simula, gitna at wakas. May paksa na ang kuwento sa pagkukuwento, isinasalaysay ng may tangan ng nabuong sanaysay ang isang pangyayari. Isang naratibo na ang nailalahad sa

pagkukuwento. Buo na ito. Matutunghayan sa sumusunod na dayagram ang pag-iiba ng pagkukuwento, pagpapakuwento at pakikipagkuwentuhan. May kuwento na sa pagkukuwento at pagpapakuwento. Nag-iiba ang dalawa sa perspektibo at proseso. Isinasalaysay sa pagkukuwento ang kanyang kuwento upang makaranas sa prosesong ito ng pagbuti o paggaling. Samantala sa pagpapakuwento, hinihingi mula sa kanya ang kuwento upang matulungan siya sa pagsangguni o *counseling*. Malaya sa paraang pagkukuwento ang may taglay ng kuwento dahil siya ang magtatakda ng daloy pati na ang pagkakasunud-sunod nang salaysay. May tulong naman sa pagpapakuwento mula sa tagapagpadaloy nito sapagkat siya ay ginagabayan upang mailahad ang isang salaysay.

Sa pakikipagkuwentuhan o kuwentuhan sa maikli, binubuo ang isang sanaysay, isang kuwentong magkakakuwenta. Binubuno ng mga nagbahagi sa kuwentuhan na balikan ang isang karanasan upang bigyan ng kahulugan ito. May mga maling maaalala na maiwawasto sa proseso ng palitan ng impormasyon. Sama-sama sa paghahanap ng kabuluhan sa isang karanasan na bagaman baha-bahagi lamang nito ang nababalikan ay mabubuo dahil may pagtutulungan. Isang proseso ang kuwentuhan kung saan kailangang sinupin ng mga kalahok ang kanilang alaala, ibahagi ang natatandaan, iwasto ang maling memorya at buuin ang isang kuwento kasama ang kapuwa. Kung masaklap man ang naranasan sa pangyayari nakatutulong pa nga ito na maibsan ang bigat ng loob na taglay ng nagbabahagi ng kuwento. Kung masaya naman ang naging karanasan nila'y may aliw sa tawanan ang mga kalahok sa kuwentuhan. Animo ay isang sesyon ng terapiya o pagpapabuti ang kuwentuhan kung saan ang mga mismong may kuwento ang nagbabahagi. Gumagaan ang loob kung naging mabigat man ang iniwang damdamin ng karanasan. Naiibsan ang hapis kung may karamay sa kuwento ng buhay. Hindi na nakapagtataka na panay kuwentuhan ang maririnig sa lamayan dahil bahagi ng ritwal na ito ang palitan ng kuwento tungkol sa umulila sa kanila. Ito mismong kuwentuhan ang damayan. Ang kuwento ay batis din ng impromasyon at ideya na inihahain sa kuwentuhan kung kaya isang paraan para sa pagtuklas at pagbubuo ng kaalaman.

# HASAAN

## *Dayagram: Batis ng Kuwento*

Kuwento	<----	Kuwentuhan	---->	Kuwento
Pagkukuwento		Pakikipagkuwentuhan		Pagpapakuwento
(pagpapagaling)		(pananaliksik)		(pagtulong/pagsanguni)

Ang batis ng kuwento ay ang pagkukuwento, pagpapakuwento at pakikipagkuwentuhan. Maliban sa pakikipagkuwentuhan tulad ng nabanggit na, ang kuwento ay sama-samang binubuo sa prosesong ito ng palitan ng ideya't impormasyon. Maaaring ang pagkukuwento at pagpapakuwento ay nagagamit na rin sa masinop na pananaliksik pero hindi saklaw ng kasalukuyang papel ang ilahad ang tungkol sa lawak ng kagamitan ng kuwentuhan pati ng kuwento sa iba't ibang pamamaraan ng pagkalap ng datos pati sa pagsusuri nito. Mangangailangan din ng mga masusing pagsisiyasat sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pag-aaral sa gamit ng mga ito sa mga larangan ng agham panlipunan. Masasabi namang talaga na may kuwento magmumula sa mga prosesong nabanggit kung saan maaaring dala na nga mismo ng taong kalahok ito gaya noong unang gamitin ni Ma. Gracia A. de Vera ang pakikipagkuwentuhan (Pe-Pua 187-193). Sa kanyang pakikipagkuwentuhan gumamit siya ng isang kuwento na mapamamarisan sa pagkukuwento ng kanyang mga kalahok sa pag-aaral. Subalit ang kuwento ay sama-samang nabubuo naman din tulad ng tinukoy ni Grace O. Orteza (1996). Itong huli ang sinusugan ng isang empirikong ebidensiya mula sa sistematikong pag-aaral sa pakikipagkuwentuhan mismo.

Gaya ng pagtatanong-tanong, ginagamitan ng gabay ang kuwentuhan upang maitakda ang tunguhin ng usapan. Ang mananaliksik ang may pakay para sa pakikipagkuwentuhan. Malamang na ang pakay ay upang unawain ang isang pangyayari, kaganapan o karanasan sa buhay. Ito ang pakay na dala ng mananaliksik na maaari niyang inisa-isa sa gabay na mga inaakala niyang maaaring pagkuwentuhan. Samantala sama-sama sa pagtuklas sa kahulugan ng kuwento ang mga kalahok pati ang mananaliksik. Subalit ang mananaliksik ang siyang tatahi ng mga kuwento kaya nga kailangan ng gabay para sa pagpoproseso ng kuwentuhan at datos na mahahagilap mula rito. Tulad ng sa tanungan, hangga't maaari'y nasa memorya lamang ng mananaliksik ang gabay upang gamitin niyang pananda sa paglilinaw, upang sa panahon ng pagsusuri ng datos ay dahan-dahan niyang matukoy ang (o mga) paksa ng kuwentong ibinabahagi. Sa paglilinaw, makatutulong ang ilang inihandang tanong para sa

mga magkukuwento. Maaaring tanungin ang ilang dahilan sa pangyayari, paano nangyayari o nangyari ito, o ang dulot sa mga nakaranas ng gayon sa kanila. Sa dahilang ang mananaliksik ay nakatuon sa kahihinatnan ng kuwentuhan, iyon ay ang makabuo ng mga paksa mula dito, dapat na maging mas sensitibo lalo na sa pakikinig. Hindi dapat akayin ang mga kalahok sa isang kahihinatnang kuwento. Hindi ito malaya at taliwas sa pakay ng pakikipagkuwentuhan. Kailangang maging malaya ang mga kalahok sa pagpapahayag ng baha-bahagi ng kuwento. Hindi naman naratibo ang iluluwal ng kuwentuhan kundi mga datos na siyang paghuhugutan nga mismo ng mga paksa ng kuwentuhan. Sa gayon maaaring simulan ang kuwentuhan sa isang pangyayari o karanasan sa gitna, una o hulian nito. Higit na mahalaga ang maibahagi ng kalahok ang kanyang kuwento at ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari gaya ng sa isang pagsasalaysay. Sa kuwentuhan gaya ng nasabi na'y may palitan ng ideya't impormasyon ang mga kalahok, kasali ang mga mananaliksik na silang mga katuwang sa proseso, kaya ang nabubuo nito'y kuwento. Isinasayos ito ng mga mananaliksik para sa kanilang pagsusuri (ito nga ang tinukoy na ni Grace O. Orteza na 'sama-samang pananaliksik'). Iba ang pakikipagkuwentuhan sa paraang naratibo na may kuwento nang ibinabahagi sa mananaliksik kung saan ginagabayan (gaya din sa pakikipagkuwentuhan) ng mga tanong ang tagapagbatid upang mabuo ang kanyang kuwento kaya isang narrative o kuwento na ang iniluluwal ng proseso sa *narration* o pagkukuwento o pagpapakuwento.

Maaaring makipagkuwentuhan sa isang umpukan o dili kaya naman ay imbitahan ang mga kalahok sa isang usapan. Sa simula maaaring magbabad sa komunidad para makilala ang mga makakalahok sa kuwentuhan. Ito rin ang paraan para makilala ng mga tagaroon ang mananaliksik. Ayon kay Ponciano Bennagen (Pe-Pua 2005) magandang makiugali at magmasid sa pakikipagkilalanan sa pamayanan. Kung di naman magagawa ang magbabad doon sa lugar bago ang kuwentuhan, makabubuti ang ilang paulit-ulit na pagdalaw upang makakilala ng ilang mga tagaroon. Ang pagdalaw-dalaw ayon kina Gepigon at Francisco (Pe-Pua 2005) ay dahan-dahang pagpapakilala sa pamayanan. Pakikipagkapwa ang lapit ng pakikipagkuwentuhan gaya ng sa pagtatanong-tanong, kaya mabuti na may tulay na tutulong sa mananaliksik sa pagsasagawa ng kuwentuhan. Katulad ng karaniwang kuwentuhan, sinisimulan sa kumustahan ang pamamaraang pakikipagkuwentuhan. Kumustahin ang klima o pabago-bagong panahon sa lugar na iyon. Kung nasa bukid o taniman kumustahin ang ani o kung nasa tabing-dagat kumustahin ang huli at kung nasa siyudad ano ang nararanasan sa trapiko o pagbaha kung tag-ulan. Dapat iwasan

## HASAAN

na simulan ang kuwentuhan tungkol sa kani-kanilang relihiyon o inaanibang simbahan maging ang tungkol sa mga politiko na kanilang ayaw o gusto. Subalit maaari namang ang kuwentuhan ay tungkol sa kanilang karanasan sa pananampalataya, paniniwala o partisipasyon sa politika. Makatutulong na sa simula nang ganitong kuwentuhan na linawin sa mga kalahok na ang intensiyon ng sesyong ito, ay tungkol sa personal na karanasan at hindi tungkol sa kanilang organisasyon. Maliban na lamang kung ang kuwentuhan ay lalahukan ng mga taong mula sa iisang inaanibang organisasyon (pangrelihiyon o pampolitika), at ang usapan ay patungkol sa kanilang karanasan dito, ay maaari nang nakatuon mismo sa kanilang relihiyon o politika.

Sabihin ang pakay ng pakikipagkuwentuhan bago simulan ito. Tulad sa tanungan, ihingi ng pahintulot ang kuwentuhan, at sa kaparehong paraan palagdaan ang *informed consent* form at kung tanggihan ito higit na mahalaga ang pasya ng kalahok na hindi ito tupdin. Samantala kailangang iulat itong pangyayari na hindi man nilagdaan ng kalahok ang papel na nagpapahintulot sa pakikipagkuwentuhan ay nakarekord naman sa elektronikong rekorder ang kanyang naging partisipasyon, mangyari pa ng kanyang pasalitang pagsang-ayon. Ihain sa mga kalahok ang inaalang maaaring pagkuwentuhan tungkol sa kanilang naging karanasan sa isang pangyayari. Isangguni ang gabay at ihingi ng pagsang-ayon. Sakaling hindi ito tanggap hingin ang maaaring mapagkuwentuhan tungkol sa kanilang karanasan. Ihingi din ng pahintulot ang paggamit ng elektronikong rekorder na awdyo. Kakailanganin ng katuwang na tagatala ng mahahalagang punto sakaling hindi pahintulutan ang paggamit ng elektronikong rekorder. Banggitin sa pagre-rekord na may pahintulot sa paggamit nitong elektronikong gadget pati ang pagpayag nila sa kuwentuhan. Isama sa kuwentuhan ang isa pang mananaliksik na magiging katuwang sa pagtatala upang maging handa sa pagkakataong hindi payagan ang elektronikong rekorder. Matapos ang kuwentuhan, balikan agad ang mga tala upang maiwasto, madagdagan o maialis ang mga maling impormasyong naitala dito. Sa ganitong proseso napapatibayan na ang datos dahil dapat magkasundo ang kahit dalawang mananaliksik sa katumpakan ng nakalap na impormasyon. Maaari ding sumali sa prosesong ito ang tulay o sinuman na kasama sa kuwentuhan na di naman kalahok doon upang makatulong sa pagwawasto at pagpapatibay. Sa ganitong proseso, nababalikan ang mga bahagi ng kuwento na nakakatulong sa pagpapaksa o paghahagilap mula sa datos ng paksa o mga paksa ng kuwento. Ang mga paksang ito ang siyang kailangang talakayin ng mananaliksik na patungkol sa isinasagawang pag-aaral.

*May meryenda kung may kuwentuhan*

Atas ng pakikipagkapuwa-tao ang maipalagay man lamang ang loob sa mga kalahok sa pananaliksik kung kaya pinagsisikapan ng mananaliksik na marating ang antas na ito ng pagtutunguhan sa pamamagitan ng paglahok sa karaniwang kaganapan sa buhay. Sa mga ordinaryong kundisyon isinasagawa ang isang pakikipagkuwentuhan gaya nang sa may umpukan ng mga tao halimbawa nga sa tindahan o pondohan kaya hindi ito pormal. Isa pa nasa kultura natin ang pag-aalok ng pagkain at pakikikain kaya may gaan ng loob sa ganitong salo-salo, may saya at sigla sa sama-samang gawain. Madalas na may minindal sa kuwentuhan. Maaaring mag-alok ng meryenda kung inimitahan sila sa usapan o kung nasa umpukan sila, dalhin na ang kutkutin o nakabalot na tinapay at maiinom. Minsan mahaba-haba ang kuwentuhan. Kung kulang pa ang oras sa isang kuwentuhan, maaari namang ituloy ito sa ibang panahon. Imbitahan ulit sila o kaya naman ay balikan sila sa umpukan. Itakda ang oras na pwede ang marami sa kanila para sa isa pang kuwentuhan. Sa muling pagtatagpo, simulan ito sa pagbabalik sa buod ng mga kuwentong naibahagi noong unang kuwentuhan. Makatutulong ito upang mabalikan ng bawat isa ang naibahagi nila at maaaring maiwasto pa ang mga maling nasabi o hindi kaya ay madagdagan ito. Maaaring may mga bagong kalahok sa kuwentuhan dahil sila man din ay may tangan na kuwento tungkol sa sinasaliksik na maibabahagi dito. Kung hindi na kailangan nang karugtong na kuwentuhan, maaaring makipagkuwentuhan sa ibang may maibabahaging kuwento. Tulad ng ginawa sa una, ganoon din ang gagawin sa mga susunod pang kuwentuhan. Kung sa ilan pang kuwentuhan ay may mga pag-uulit na nang mga datos mula sa mga kuwento, maaari nang tumigil sa paghahagilap pa ng iba. Maaari nang simulan ang pagsusuri sa mga paksa ng mga kuwento.

Ang mga o ang isang kuwento ay maaaring hindi mabuo sa ilang tagpo ng kuwentuhan kung kaya kailangang magsagawa ng ilan pa nito sa ibang pangkat ng kalahok. Ang kaganapang naranasan sa isang komunidad ay nasaksihan ng marami kaya mabuti rin na makipagkuwentuhan sa mas maraming kalahok na tagaroon sa lugar. Makakatulong ang ganitong proseso sa pagpapatibay sa mga kuwentong nahahagilap mula sa mga tagaroon. Samantala, kailangang magpasintabi bago ang pakikipagkuwentuhan, iyon ay ang pagsasabing hindi kailangang pangalanan ang mga tao sa kuwento kung sakali mang may mga personalidad na kasali dito. Ayon ito sa atas ng pakikipagkapuwa-tao. Bagaman wala sa kuwentuhan ang mga taong kasali sa kuwento ay hinihingi na igo ang kapuwa kahit pa siya ay ituring na ibang-tao. Hinihingi rin na magpasintabi sa mga naroon mismo sa kuwentuhan na huwag balewalain ng

## HASAAN

sinumang kalahok dito ang pagpapahayag ng damdamin sakaling maibulalas ito sa proseso. Hayaang ilabas ang sama ng loob kung meron man sa kuwentuhan at dapat itong igalang ng lahat. Tungkulin ng mananaliksik na aluin ang kalahok na nakapagbulalas ng damdamin sa kuwentuhan. Isang sinserong pagsasabi sa kalahok na ito ay bahagi ng proseso ng kanyang pagbabalik sa alaala at posibleng simula ng pagtanggap sa nangyari. Hayaang umiyak ang kalahok kung hindi niya ito mapigilan. Matapos ang huling hikbi, marahang ibalik muli sa naputol na bahagi ng kuwentuhan. Subalit kung magpapatuloy ang malungkot na sitwasyon, pansamantalang itigil ito at sabihin sa pangkat na kung maaari pa ay muli na lamang magkita para sa pagpapatuloy ng kuwentuhan. Dapat pahupain ang damdamin ng kalahok na lubhang nalungkot sa pakikibahagi ng kanyang karanasan sa nasabing kuwentuhan. Kung kalmado na siya ay anyayahan siyang muling sumali sa susunod na kuwentuhan.

Sa mga kuwentuhang masigla, may halakhakan. Masaya ang umpukan dahil natutuwa ang mga kalahok na balik-balikan ang karanasang nagdulot sa kanila nito. Tulad sa isang sitwasyong may malungkot na alaalang nabalikan sa kuwento, sa kuwentuhang masaya mangangailangan din ng pagpapahupa ng damdamin. Hayaan ang hagalpakan sapagkat ito ay ekspresyon ng emosyon. Dahan-dahang ibalik sa usapan ang umpukan kapag humupa ang halakhakan upang maipagpatuloy ang kuwentuhan. Ipahayag sa mga kalahok na magandang pagkakataon ang kuwentuhang iyon upang sariwain din ang buting naidulot sa kanila ng karanasan. Makakatulong sa muling pagbabalik sa kuwentuhan ang pagre-rebyu ng napagkuwentuhan na ng grupo. Isalansan sa kanila ang mga naikuwento na nila. Sa ganito ay mabilis silang makababalik sa kuwentuhan sapagkat maaaring madugtungan na nila ang kuwento o di kaya ay maiwasto ang maling nasabi. Maitutuloy na ang kuwentuhan sa pagsisimula ng isa man lang sa kanila sa pagtutuwid o di kaya ay pagdadagdag sa naikuwento na. Maaari din na padugtungan sa isa sa kanila ang naputol na kuwentuhan dahil sa tawanan para maipagpatuloy ito.

Sa panahon ng kuwentuhan, may mga magpapatotoo na sa karanasan dahil sila mismo ang sangkot dito. Sa pagpapatotoo, inaako ng kalahok na di lamang siya saksi sa pangyayari kundi siya mismo ang nakaranas nito. Ang katibayan nito ay mahahagilap sa detalyadong pagsasalaysay ng pangyayaring pinagdaanan ng kalahok. Isa pa ay may patotoo rin ang mga kalahok na nakasaksi sa kanya na siya ang mismong dumanas sa pangyayari. Sa kuwentuhan ding ito napabubulaanan ng ibang saksi ang mga maling isinasalaysay o ikinakalat na kuwento ng iba. Maaaring magtanong ang ibang kalahok sa nagpapatotoo



sa pangyayari upang linawin ang kanilang nasaksihan o di kaya naman ay tiyakin ang katumpakan ng sinasabi. Sa gayon, sa kuwentuhan pa lamang ay nagkakaroon ng validasyon o pagpapatotoo ng datos. Samantala, alisto dapat dito ang mananaliksik at masinop na itinatalang-pasulat ang mga ganitong obserbasyon. Sakaling hindi naisulat ang gayon, balik-balikan ang naitala sa elektronikong rekorder sa panahon ng pagpo-proseso ng datos at pagbubuo ng mga paksang nakuha sa nasabing kuwentuhan. Alamin ang mga nabuong kuwento mula sa mga pare-parehong paksa na pinangkat. Ang mga kuwentong ito ang gagamitin sa pagtatalakay ng kinahinatnan ng kuwentuhan.

### *Konklusyon*

Natunghayan natin sa paglalahad sa papel na ito, ang nagiging tunguhin nang pananaliksik na may pakikipagkapuwa-tao. Ito ay ang matuto ang mananaliksik hindi lamang mula sa kanyang pansariling pagsusuri sa kinahihinatnan ng kanyang kinalap na kaalaman kundi lalo na sa kinalalabasan ng sama-samang pagbubuo ng kaalaman. Pinaniniwalaan ng pananaliksik na ito na hindi tangan ng iisa ang kaalaman. Kaya nga nagtatanong-tanong at nakikipagkuwentuhan sapagkat sinasampalatayan na ang sinisinop na kaalaman ay mula sa kapuwa-tao mismo. Sa kapuwa-tao matutuklasan ang kabuluhan ng kaalaman. Sa gayon nagiging lalong matibay ang kapit sa katotohanan ng kinalap na kaalamang mula sa kapuwa-tao.

### **Mga Sanggunian**

## HASAAN

- Tiamson-Rubin, Ligaya. *Sikolohiya Ng Wikang Filipino*. Ed. Lilia F. Antonio. Quezon City: C&E, 2003. Nakalimbag.
- Erasga, Dennis. "Pakiramdaman": Isang Tatak Filipinong Lapit Sa Pagdadalumat Sa Sosyolohiya (A Filipino Brand of Reflective Inquiry in Sociology)." *Humanities Diliman* (2015): 78-105. Web. Enero 2015.
- Fernando, Katrina C. "Pagpapakahulugan at Manipestasyon ng Pakikiramdam sa Konteksto ng Paggabay-Pagpapayo at Sikoterapiya." *Isip: Mga Kaisipan Sa Sikolohiya, Kultura at Lipunang Pilipino*. Homer J. Yabut. Vol. 3. N.p.: National Association for Sikolohiyang Pilipino, 2016. N. pag. Nakalimbag.
- Javier, Roberto E. *Pakikipagkapwa: Pilipinong Lapit Sa Pananaliksik*. Manila: De La Salle University, Academic Office and Central Book Supply, 2012. Nakalimbag.
- Javier, Roberto E. Jr. *Kaangkinang Pangpamamaraan ng Pakikipagkuwentuhan*. Lungsod ng Quezon: Binhi: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2005. Nakalimbag.
- Javier, Roberto E. Jr. "Ang Pakikipagkapwa: Pilipinong Lapit sa Pananaliksik". *Layag Journal*. De La Salle University Press, Inc.: Manila. 1996. Nakalimbag.
- Macapagal, Ma. Elizabeth J. *Readings in General Psychology*. Ed. Lota A. Teh. Lungsod Ng Quezon: Department of Psychology, Ateneo De Manila U, Commission on Higher Education and Philippine Social Science Council., n.d. Nakalimbag.
- Mataragnon, Rita. "Pakikiramdam in Filipino Social Interaction." *Foundations of Behavioral Sciences: A Book of Readings*. Lungsod Ng Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 1987. 470-82. Nakalimbag.
- Orteza, Grace. "Pakikipagkuwentuhan: Sama-samang Pananaliksik at Pagtulong sa Sikolohiyang Pilipino." *PPRTH Occasional Papers Series No. 1*. Lungsod ng Quezon: Philippine Psychology Research and Training House., 1996. N. pag. Nakalimbag.
- Pe-pua, Rogelia E., ed. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit*. Lungsod ng Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 2011. Nakalimbag.
- Pe-Pua, Rogelia E. *Binhi: Kros-Katutubong Perspektibo sa Metodolohiya - Ang Karanasan ng Pilipinas*. Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino: Lungsod Quezon, 2005. Nakalimbag.